# AWESOME GOD

FILIPINO

PANANALANGIN, PAG-AAYUNO, AT PAGTATALAGA SA KALAGITNAAN NG TAON

HULYO 6–8, 2021

# AWESOME GOD

FILIPINO

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2021 ng Victory.
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Isinalin mula sa lathalaing Ingles ng Every Nation.

Ang sipi ng Kasulatan, maliban na lamang kung binanggit, ay mula sa Ang Salita ng Diyos (ASND) Copyright 2010, 2014 ng Biblica Inc. Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Pinahihintulutan ang pagpotokapi sa babasahing ito para sa paggamit ng mga lokal na iglesya.

Ang babasahing ito ay hindi ipinagbibili.

victory.org.ph

# NILALAMAN


Isang Praktikal na Gabay sa Pag-aayuno .................... 2

Ang Aking Plano .................... 6

Paghahanda sa Pag-aayuno | Hulyo 5:
Ang Diyos ay Kasama Natin .................... 11

Unang Araw | Hulyo 6:
Ang Diyos ay Kaginhawahan Natin .................... 15

Ikalawang Araw | Hulyo 7:
Ang Diyos ay Gabay Natin .................... 20

Ikatlong Araw | Hulyo 8:
Ang Diyos ay Tagapagpanumbalik Natin .................... 24

Paghinto sa Pag-aayuno | Hulyo 9:
Ang Diyos ay Pag-ibig .................... 28

# ISANG PRAKTIKAL NA GABAY SA PAG-AAYUNO

## BAKIT KAILANGANG MAG-AYUNO?

Ang pag-aayuno ay isang espirituwal na gawain na ginagamit ng Diyos upang ipalaganap ang Kanyang kaharian, baguhin ang kahihinatnan ng mga bayan, pasiklabin ang pagbabago, at magdala ng tagumpay sa buhay ng mga tao. Sa simula at sa kalagitnaan ng bawat taon, naglalaan tayo ng oras para sa pananalangin at pag-aayuno upang magpakumbaba sa harapan ng Diyos, italaga ang ating mga sarili sa Kanya, at sama-samang sumang-ayon sa pambihirang tagumpay na nagmumula sa Diyos.

### Si Jesus ay nag-ayuno.

> [1]*Pagkatapos nito, dinala ng Banal na Espiritu si Jesus sa ilang upang tuksuhin ng diyablo.* [2]*Doon ay nag-ayuno si Jesus ng 40 araw at 40 gabi, kaya nagutom siya.* **MATEO 4:1–2**
>
> *Bumalik si Jesus sa Galilea na taglay ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Kumalat sa lahat ng lugar doon ang balita tungkol sa kanya.* **LUCAS 4:14**

Alam ni Jesus na kailangan Niya ng espirituwal na kalakasan upang matupad ang Kanyang layunin. Inihahanda tayo ng pag-aayuno para gawin ang mga ipapagawa ng Diyos sa atin.

### Ang pag-aayuno ay isang pagpapakita ng pagpapakumbaba at paglalaan ng sarili sa Diyos.

> *Doon sa tabi ng Ilog Ahava, sinabi ko sa grupo na mag-ayuno kami at magpakumbaba ng mga sarili namin sa presensya ng aming Diyos para hilingin sa kanya na ingatan kami sa paglalakbay, pati ang aming mga anak at mga ari-arian.* **EZRA 8:21**

Sa pagpapakumbaba natin sa pamamagitan ng pananalangin at pag-aayuno, natatanggap natin ang biyaya ng Diyos at nalalaman natin kung ano ang nasa puso Niya.

## Ang pag-aayuno ay tumutulong sa atin na maging sensitibo sa Banal na Espiritu.

> *Habang sumasamba sila sa Panginoon at nag-aayuno, sinabi ng Banal na Espiritu sa kanila, "Italaga ninyo para sa akin sina Bernabe at Saulo, dahil may ipapagawa ako sa kanila."* **MGA GAWA 13:2**

Kung ipagkakaila natin sa ating sarili ang mga likas nating hinahangad at mga makamundong libangan, nagiging sensitibo tayo sa tinig ng Diyos. Magagawa nating ituon sa Diyos ang ating pansin at magpasakop sa kagustuhan Niya.

## Ang pag-aayuno ay nagdadala ng pagbabagong-buhay.

> *"…at kung ang mga mamamayan ko na aking tinawag ay magpakumbaba, manalangin, dumulog sa akin, at tumalikod sa ginagawa nilang kasamaan, diringgin ko sila mula sa langit at patatawarin ang kanilang kasalanan, at pagpapalain ko ulit ang kanilang lupain."* **2 CRONICA 7:14**

Makikita sa kasaysayan na bilang tugon sa panalangin at pag-aayuno, ang Diyos ay nagbigay sa mga bansa ng pagbangon at paglaya mula sa pagkawasak. Nakakatulong ang pag-aayuno upang magtagumpay tayo sa pamamagitan ng pananalangin.

## Ang pag-aayuno ay mabuti para sa ating kalusugan.

Dahil sa pag-aayuno, nalilinisan ang sistema ng pagtunaw ng pagkain sa ating katawan. Itinuturing ng mga doktor ang pag-aayuno bilang sagot sa ilang *allergy* at sakit. Ang pag-aayuno ay tumutulong sa pagtanggal ng mga hindi magagandang adiksiyon.

# PAGPAPLANO SA PAG-AAYUNO

> *Pagkatapos, sinabi ni Josue sa mga tao, "Linisin n'yo ang inyong sarili dahil bukas ipapakita sa inyo ng PANGINOON ang mga kamangha-manghang bagay."* **JOSUE 3:5**

**Manalangin**—Maglaan ng oras sa pagbabasa ng Bibliya bago ang pag-aayuno. Hingin sa Banal na Espiritu na gabayan ka sa iyong mga panalangin. Sa mga susunod na pahina, isulat ang mga ipinapanalangin mo para sa iyong pamilya, mga kaibigan, iglesya, at bayan.

**Magpasya**—Ipanalangin ang uri ng pag-aayuno na gagawin mo at magpasyang gawin ito bago pa man magsimula ang pag-aayuno. Itala ang iyong plano at hingin sa Diyos na tulungan kang maisakatuparan ang planong ito.

**Magsagawa**—Dahan-dahang bawasan ang pagkain ilang araw bago ang simula ng pag-aayuno. Iwasan ang mga pagkaing matamis at mamantika. Iwasan din ang nakakapagod na mga gawain at pakikisalamuha sa mga tao sa linggo ng pag-aayuno. Humanap ng makakasama sa pananalangin sa buong pag-aayuno at ibahagi ang iyong mga *faith goal* at mga nasagot na panalangin sa kanya. Ipagpatuloy ang pananalangin para sa isa't isa kahit tapos na ang panahon ng pag-aayuno.

***PAALALA:*** Kumunsulta sa doktor lalo na kung ikaw ay buntis, nagpapasuso, o kaya ay may gamot na iniinom. Kung hindi ka maaaring ganap na mag-ayuno, planuhin kung ano ang pinakamabuting pag-aayuno para sa iyo.

## HABANG NAG-AAYUNO

> *Pero sumagot si Jesus, "Sinasabi sa Kasulatan, 'Hindi lang sa pagkain nabubuhay ang tao kundi sa bawat salita ng Diyos.'"* **MATEO 4:4**

**Magtuon ng pansin**—Maglaan ng oras upang sagutan ang debosyonal na ito. Maging handang tumugon sa salita ng Diyos at sa sasabihin ng Banal na Espiritu.

**Manalangin**—Makibahagi kahit isang beses lamang sa mga sama-samang pananalangin sa iyong iglesya. Manalangin para sa iyong pamilya, iglesya, pastor, bayan, paaralan, at mga misyon sa buong linggo.

**Magpalakas**—Sa tuwing oras ng pagkain, magbasa ng Bibliya at manalangin. Uminom ng maraming tubig at magpahinga tuwing may oras. Maging handa sa mga pasumpong-sumpong na panghihina, kawalan ng pasensiya, at pagiging mainisin.

## PAGHINTO SA PAG-AAYUNO

> 14 *At may kapanatagan tayo sa paglapit natin sa Diyos, dahil
> naniniwala tayong ibibigay niya sa atin ang anumang hilingin natin
> na ayon sa kanyang kalooban.* 15 *At kung alam nating nakikinig sa
> atin ang Diyos, alam nating tinatanggap na natin ang hinihiling natin
> sa kanya.* **1 JUAN 5:14–15**

**Kumain**—Dahan-dahanin ang muling pagkain ng karaniwan mong kinakain. Kailangan ng katawan mo ng panahon para muling matanggap ang dating dami at uri na iyong kinakain. Simulan sa prutas, mga inumin, salad, at saka kumain ng gulay. Kumain ng maliliit na bahagi lamang sa buong maghapon.

**Manalangin**—Huwag huminto sa pananalangin! Manalig sa katapatan at sa takdang oras na ibinigay ng Diyos. Isapamuhay sa buong taon ang bago mong taglay na pagmamahal sa Kanya. Manampalataya na sasagutin ng Diyos ang mga panalangin mo.

# ANG AKING PLANO

## Day 1

**MGA PAGPIPILIAN:**

- ☐ Tubig lang
- ☐ Sabaw o inumin lang
- ☐ Agahan, tanghalian, o hapunan lang
- ☐ Iba pa ______________________________

(Mga) Pupuntahang Pagtitipon para sa Pananalangin:

______________________________

## Day 2

**MGA PAGPIPILIAN:**

- ☐ Tubig lang
- ☐ Sabaw o inumin lang
- ☐ Agahan, tanghalian, o hapunan lang
- ☐ Iba pa ______________________________

(Mga) Pupuntahang Pagtitipon para sa Pananalangin:

______________________________

## Day 3

**MGA PAGPIPILIAN:**

- ☐ Tubig lang
- ☐ Sabaw o inumin lang
- ☐ Agahan, tanghalian, o hapunan lang
- ☐ Iba pa ______________________________

(Mga) Pupuntahang Pagtitipon para sa Pananalangin:

______________________________

# NAGPAPASALAMAT AKO SA DIYOS PARA SA . . .

## MGA NASAGOT NA PANALANGIN

Isulat ang mga magagandang nangyari, nasagot na mga panalangin, at mga aral na natutunan mo sa unang bahagi ng 2021.

# SA IKALAWANG BAHAGI NG 2021, NANINIWALA AKO SA DIYOS PARA SA ...

## Nais Kong Makamtan para sa Aking Sarili

Espirituwal na Pagbabagong Buhay • Pisikal na Paggaling • Kaunlaran at Kasaganaan • Masaganang Pagbibigay

## Aking Pamilya

Pagpapanumbalik ng mga Nasirang Relasyon • Kaligtasan ng Sambahayan

## Aking Pag-aaral/Trabaho

Kahusayan • Pagtaas ng Posisyon

## Aking Paglilingkod

Paglago ng Victory Group • Kaligtasan ng mga Kaibigan, Kasama sa Trabaho, at Kamag-aral

> *"Sinasabi ko rin sa inyo na kung magkasundo ang dalawa sa inyo rito sa mundo na ipanalangin ang anumang bagay, ipagkakaloob ito ng aking Amang nasa langit."* **MATEO 18:19**

Kasama Ko sa Pananalangin: ______________________________

# NANGANGAKO AKONG MANANALANGIN PARA KINA . . .

| PANGALAN | (MGA) IPINAPANALANGIN |
| --- | --- |

# NANGANGAKO AKONG MANANALANGIN PARA SA …

## Aking Iglesya

Pamunuan ng Iglesya • Pagkakaloob • Pagdidisipulo

## Aking Komunidad

Mga Paaralan at Institusyong Pang-edukasyon • Lokal na Pamahalaan • Mga Pagkakataon upang Makipag-ugnayan sa mga Hindi Miyembro ng Iglesya

## Aking Bansa

Mga Opisyal ng Pamahalaan • Pagbabagong Espirituwal • Pag-unlad ng Ekonomiya • Kapayapaan at Kaayusan

# ANG DIYOS AY KASAMA NATIN

## JUAN 1:1–3, 14

> [1]*Nang pasimula, naroon na ang tinatawag na Salita. Ang Salita ay*
> *kasama ng Diyos at ang Salita ay Diyos.* [2]*Sa simula pa'y kasama na*
> *siya ng Diyos.* [3]*Nilikha ang lahat ng bagay sa pamamagitan niya,*
> *at walang anumang nalikha nang hindi sa pamamagitan niya. . . .*
> [14]*Nagkatawang-tao ang Salita at namuhay na kasama natin. Nakita*
> *namin ang kadakilaan niya bilang kaisa-isang Anak ng Ama. Puspos*
> *siya ng biyaya at pawang katotohanan ang mga sinasabi niya.*

Basahin Din: Mateo 1:23; Mga Taga-Filipos 2:5–8

Nang magsimula ang 2021, ipinakilala natin ang ating dakilang Diyos, at patuloy natin itong gagawin sa ating pananalangin at pag-aayuno ngayong kalagitnaan ng taon.

Kapag iniisip natin ang pagiging dakila at kamangha-mangha ng Diyos, pumapasok sa isipan natin ang Kanyang walang hanggang kapangyarihan, kaalaman, presensiya, at pati na rin ang Kanyang kaluwalhatian at kadakilaan. Naiisip natin ang Diyos na higit na mas malaki kaysa sa kalawakang nilikha Niya. Nagsimulang umiral ang mga bagay sa pagbigkas Niya ng mga salita. Wala Siyang hangganan. Siya ay labis na nakahihigit sa anumang nilikha, at hindi natin ganap na mauunawaan ang Kanyang kadakilaan.

Subalit ang kamangha-manghang kadakilaan ng Diyos ay hindi lamang makikita sa kung gaano Siya kalaki. Makikita rin ito sa

Kanyang kakayahang magpakumbaba. Bumaba Siya sa antas natin, at naging maliit gaya natin—mas mababa pa nga sa antas natin—upang magawa Niya tayong iligtas at paglingkuran.

Ipinakita ito ng Diyos sa pamamagitan ng pagkakatawang-tao ni Jesu-Cristo. Si Jesus ang Salita ng Diyos, at Siya Mismo ay Diyos, at sa pamamagitan Niya ay nalikha ang lahat ng mga bagay na nakikita at hindi nakikita. Sa kabila nito, Siya ay nagkatawang tao at naging tao, dala ang mga limitasyon ng pagiging tao. Magagawa ba natin itong unawain? Ang walang katapusan at walang hangganang Diyos, sa Kanyang dakilang kapangyarihan at kabutihan, ay piniling magkaroon ng limitasyon. Ang immortal ay naging mortal. Ang hindi nalilimitahan ng oras ay nagpasakop sa oras at lumaki mula sa pagiging sanggol hanggang sa pagtanda. Ang hindi nangangailangan ng anuman ay nakaranas ng pagkagutom at pagkauhaw. Ang Lumikha ng kalawakan ay nagkaroon ng katawan ng isang nilikhang nilalang.

Ang Diyos ay hindi nananatili sa kung saang malayong lugar na hindi maaabot ng napakaliit nating mga buhay. Siya ay Diyos na bumaba sa ating antas kung kaya't naranasan at alam na alam Niya ang sitwasyon ng mga tao—ang ating kahinaan, kabiguan, at paghihirap; ang ating mga pangarap, pag-asa, at mga hinahangad; ang mga malalaki at maliliit na bagay sa buhay natin. Siya ang Diyos na *kasama natin* (Mateo 1:23). Ito ang Diyos na pinaglilingkuran natin.

Habang patuloy nating hinaharap ang walang katulad na panahong ito, tandaan natin na hindi tayo kailanman mag-iisa. Sa mga susunod na araw, makikilala natin ang Diyos bilang tagapagbigay-ginhawa, patnubay, at tagapagpanumbalik natin sa Kanya. Ang Kanyang pagmamahal, kabutihan, at katapatan ay walang limitasyon. Sama-sama nating kilalanin at saksihan kung gaano kadakila at kamangha-mangha ang ating Diyos—pinili Niyang maging maliit upang makasama tayo.

## DAHIL KASAMA NATIN ANG DIYOS, HINDI TAYO KAILANMAN MAG-IISA.

## Pag-isipan

Balikan ang nakaraang anim na buwan. Paano ka lumago sa iyong pagkakaunawa sa Diyos? Sa gitna ng lahat ng nangyayari, paano Siya nagiging malapit sa iyo?

Basahin at pag-isipan ang Mateo 1:23. Pag-isipan ang bahagi ng buhay mo kung saan ka nakakaramdam ng sakit at kawalan ng katiyakan. Isipin na kasama mo ang Diyos at sinasabi Niya sa iyo na, “Kasama mo 'Ko, anak Ko. Hindi ka nag-iisa.” Paano nakakapagbigay sa iyo ng kakayahan ang presensya ng Diyos upang harapin ang mga pagsubok na ito?



# Manalangin

*Mahal na Diyos, maraming salamat dahil hindi Ka lamang dakila at kamangha-mangha sa pamumuno at paghahari sa mundo. Maraming salamat dahil Ikaw ay malapit din sa akin. Ipinadala Mo ang Iyong Anak upang maging tao at mamuhay kasama ang Iyong mga nilikha. Nawa'y lumago pa ang aking pagkaunawa dito at patuloy kong ikasiya ang pagkakatawang-tao ni Cristo. Ipinapanalangin ko na ang Iyong Banal na Espiritu ay magbigay sa akin ng gabay, mangusap sa akin, at magpalalim pa ng Iyong salita sa puso ko. Sa lahat ng araw at sa lahat ng pagkakataon, naniniwala akong kapiling Kita. Hindi ako nag-iisa. Hindi ako kailanman mag-iisa. Dahil dito magagawa kong harapin ang lahat ng laban sa hinaharap, buong tapang na ipahayag ang Iyong salita, at isulong ang Iyong kaharian sa mundong ito. Sa pangalan ni Jesus, amen.*

UNANG ARAW
HULYO 6

# ANG DIYOS AY KAGINHAWAHAN NATIN

## 2 CORINTO 1:3–5

> [3]*Purihin ang Diyos at Ama ng ating Panginoong Jesu-Cristo. Siya'y maawaing Ama at Diyos na laging nagpapalakas ng ating loob.*
> [4]*Pinalalakas niya ang ating loob sa lahat ng ating paghihirap, para sa pamamagitan ng kalakasan ng loob na ibinigay sa atin ng Diyos ay mapalakas din natin ang loob ng ibang naghihirap.* [5]*Sapagkat kung gaano karami ang mga paghihirap natin dahil kay Cristo, ganoon din karaming beses niyang pinalalakas ang ating loob.*

Basahin Din: Salmo 46; Salmo 119:50, 76; Juan 14:16–17; Mga Hebreo 4:14–16; Pahayag 21:3–4

Noong Nobyembre 1873, isang lalaking nagngangalang Horatio Spafford ang nagplano ng isang mahalagang paglalakbay sa Europa kasama ang kanyang pamilya. Marami silang naranasang mga kalamidad sa nagdaang dalawang taon. Dahil sa *Great Chicago Fire* noong 1871, nagkaroon sila ng problemang pinansyal at karamihan sa kanilang ari-arian at mga pinaglaanan ng puhunan ay nasunog.

Noong paalis na sila, napilitang magpaiwan si Spafford dahil may mga kinailangan siyang gawin para sa kanilang negosyo. Samantala, ang kanyang asawa at mga anak ay natuloy sa pagsakay sa barko. Subalit ang dapat sana'y panahon ng pagsasaya ng isang pamilya ay nauwi sa isang trahedya. Habang ang barko ay nasa Karagatang Atlantiko, bumangga ito sa isa pang sasakyang pandagat. Nasawi

ang apat na anak na babae ni Spafford; ang asawa niya lamang ang nakaligtas.

Nalaman ni Spafford ang nangyari sa kanyang mga anak sa pamamagitan ng telegrama, at dali-dali siyang nagpunta sa Inglatera upang makasama ang nagluluksa niyang asawa.

Ang totoo, hindi na bago sa marami sa atin ang mga trahedyang gaya nito. Ang kasalukuyang pandemya ay naglagay sa lahat sa atin sa kapahamakan at kumitil ng buhay ng milyon-milyong tao sa buong mundo. Ang pagsubok na hinaharap natin ay nag-iiwan ng malaking sugat sa ating mga puso.

Subalit sa mga bitak na ito ay lumalabas din ang liwanag ng Diyos na nagbibigay ng kaginhawahan. Ito ang mensahe ni Pablo sa 2 Corinto: Ang Diyos ang ating kaginhawahan. Hindi ito basta lamang naisip ni Pablo na isulat. Dahil sa dami ng mga paghihirap na pinagdaanan niya sa kanyang buhay at ministeryo, naranasan niya mismo ang ginhawang nagmumula sa Diyos.

Ang walang katulad at walang kapantay na Diyos na namamahala sa lahat ng bagay mula sa Kanyang trono sa langit ay isa ring Diyos na hindi nagbabago at palaging malapit sa mga may hinanakit sa puso:

- Ang ating Ama sa langit ang Diyos na nagbibigay ng kaginhawahan, na nagpapalakas ng *ating loob sa lahat ng ating paghihirap*.
- Si Jesus ang dakilang Punong Pari, na nakakaramdam ng ating mga nararamdaman at nag-aanyaya sa atin na buong pagtitiwalang lumapit sa Kanya upang matanggap natin ang habag at biyaya sa oras ng pangangailangan. Dahil sa Kanyang sakripisyo sa krus, tayo ay nabibigyan ng ginhawa sa pamamagitan ng katotohanan na maaari na tayong sumamba sa Diyos sa Kanyang trono sa langit.
- Ang Banal na Espiritu ang ating tagapagbigay ng ginhawa at tagapayo na nagbibigay sa atin ng kakayahan at namamagitan para sa atin sa mga panahong labis-labis na ang ating paghihirap. Ang salitang Griyego na ginamit dito ay *parakletos*, na nangangahulugang "tagapagbigay ng ginhawa." Ang literal

na kahulugan ng salitang ito ay “ang tinawag upang hingan ng tulong.”

Sa gitna ng labis na kalungkutan, ang Diyos—Diyos Ama, Diyos Anak, at Diyos Espiritu Santo—ay nasa tabi natin sa oras na humingi tayo ng tulong. Ito ang pinagmumulan ng ating ginhawa at tiwala. Dahil sa mga pagsubok at paghihirap, nararanasan natin ang ginhawang nagmumula sa Diyos sa paraang nadarama at nakikita natin. Maihahalintulad ito sa pagkakita sa ganda ng mga bituin sa langit sa pinakamadidilim na mga oras ng gabi.

Habang naglalakbay si Horatio Spafford upang makasama ang kanyang asawa, napadaan ang barkong sinasakyan niya sa lugar kung saan pumanaw ang kanyang mga anak. Pinagaan niya ang nararamdaman ng kanyang nagdadalamhating puso sa pamamagitan ng pagsulat ng isang himno na hanggang ngayon ay nagbibigay ng kaginhawahan sa mga mananampalataya:

*When peace like a river attendeth my way*
*When sorrows like sea billows roll*
*Whatever my lot, Thou hast taught me to say*
*It is well, it is well with my soul*

Sa mundong ito na sinira ng kasalanan, ang pait at kamatayan ay hindi na mapipigilan. Subalit ipinangako ng Diyos na tutubusin at ipapanumbalik Niya ang lahat ng bagay. Balang araw, papawiin Niya ang lahat ng luha, wala nang makakaranas ng kamatayan at pighati, at habambuhay na nating mararanasan ang hindi nagwawakas na kagalakan sa presensiya ng Diyos na nagbibigay ng kaginhawahan (Pahayag 21:3–4). Ang ating ginhawa at pag-asa ay nakabaon sa katiyakan ng Kanyang pangako.

Tulad ni Spafford, mahirap man itong isipin, maaari tayong tumugon sa mga trahedya, kalungkutan, at sakit nang may pagtitiwala sa ating Diyos na nagbibigay ng kaginhawahan. Dahil sa presensiya ng Diyos, nawa'y masabi din natin ang “*It is well with my soul* (tanggap ito ng kaluluwa ko),” at nawa'y makapagbigay din tayo ng ginhawa sa iba dahil sa ginhawang natanggap natin mula sa Kanya.

## ANG DIYOS AY NASA TABI NATIN TUWING HUMIHINGI TAYO NG TULONG SA KANYA.

### Pag-isipan

Sa nakaraang anim na buwan, ano ang pinakanagdulot ng dalamhati o paghihirap sa buhay mo? Paano ipinakita ng Diyos na *Siya'y laging nakahandang sumaklolo sa oras ng kagipitan* (Salmo 46:1)? Ano ang natutunan mo tungkol sa Kanya sa pamamagitan ng mga pagsubok na ito?

Ang kaginhawahang mula sa Diyos ay hindi lamang para sa ating kapakinabangan. Para rin ito sa mga taong naghihirap. Sino ang maaari mong mabigyan ng ginhawa dahil sa ginhawa na natanggap mo mula sa Diyos? Ano ang handa kang gawin upang makilala din nila ang Diyos bilang tagapagbigay ng ginhawa?



# Manalangin

*Mahal kong Diyos, Ibinibigay ko sa Iyo ang aking mga alalahanin dahil Ikaw ang Diyos na nagbibigay ng ginhawa. Maraming salamat dahil Ikaw ang tanging pinagmumulan ng tunay na kaginhawahan. Ikaw ang aking kanlungan at kaligtasan. Sa pamamagitan ng Iyong makapangyarihang salita, pinakakalma Mo ang mga bagyong nananalanta sa puso ko. Jesus, maraming salamat sa iyong pagkamatay sa krus para sa akin. Dahil dito, nagagawa kong lumapit sa Iyong trono ng biyaya nang buo ang loob at humingi ng habag at biyaya sa oras ng pangangailangan. Maraming salamat, Banal na Espiritu, dahil Ikaw ang aking tagatulong, tagapayo, at tagapagbigay ng ginhawa. Gamitin Mo ako upang magdala ng Iyong kaginhawahan sa mga nangangailangan gaya ng ginhawang natanggap ko. Sa pangalan ni Jesus, amen.*

IKALAWANG ARAW
HULYO 7

# ANG DIYOS AY GABAY NATIN

## EXODUS 15:13

> *“Sa pamamagitan ng walang tigil n’yong pagmamahal, gagabayan n’yo ang inyong mga iniligtas. Sa pamamagitan ng inyong lakas, gagabayan n’yo sila sa banal n’yong tahanan.”*

Basahin Din: Nehemias 9:19–21; Salmo 25:4–5; Kawikaan 3:5–6

Ang paglalakbay sa ibang lugar ay isa sa mga bagay na nalimitahan dahil sa pandemya. Ang lahat ay nasasabik nang magbiyahe, sa loob man o sa labas ng bansa, bumisita sa mga paborito nilang lugar, at makatuklas ng mga bago pang lugar. Subalit kung ikaw ay magbibiyahe patungo sa mga lugar na hindi pamilyar sa iyo, ano ang isang bagay na kakailanganin mo? Kakailanganin mo ng isang kagamitang magsisilbing gabay sa direksyon, ito man ay isang *app* o isang pisikal na mapa, o kaya ay isang tao na nakakaalam ng tamang daan. Bago ka magbiyahe sa isang lugar na hindi mo pa alam, kailangan mong makakuha ng isang gabay.

Simula sa umpisa, ipinakita na ng Diyos ang Kanyang sarili bilang isang matapat na pinuno. Sa kabuuan ng Kasulatan, ginabayan ng Diyos ang Kanyang mga mamamayan. Sa Exodus 15, si Moises at ang mga Israelita ay nagbibigay-puri sa Diyos matapos ang kanilang mahimalang paglaya sa Ehipto. Ipinagdiwang nila ang katapatan ng Diyos at ang kapangyarihan Niyang namumo sa kanilang paglaya

mula sa pagkaalipin. Ginabayan sila ng Diyos sa gitna ng isang sitwasyon kung saan wala silang kaalaman at katiyakan.

Ang mga taong 2020 at 2021 ay nagdala ng napakaraming pag-aalinlangan sa atin. Ang mga ito ay hindi naman bago. Marami ang nananatiling walang katiyakan, at ito ay nagdudulot ng kalituhan, pangamba, at takot. Iniisip pa rin natin kung paano magiging maayos ang lahat. Kailangan natin ng tulong. Kailangan natin ng gabay na nakakaalam ng daan at kaya tayong pamunuan sa mahirap na sitwasyong ito. Tulad ng mga tupa na nangangailangan ng pastol, kung hindi tayo gagabayan at pamumunuan ng Diyos, hindi natin mahahanap ang tamang daan. Kung sa ating mga sarili lamang, kapag nakapasok ang mga pagdududa at pangamba sa ating mga puso, aasa tayo sa sarili nating pagkaunawa at mauuwi ito sa sarili nating pagsusumikap na gawing tuwid ang ating mga landas. Tanging ang karunungan at paggabay ng Diyos lamang ang paraang maaasahan natin upang gabayan tayo sa daang ito.

Subalit ang Diyos ay hindi lamang isang gabay na nagdadala sa atin sa mas magandang daan. Hindi Siya isang taong hinihingan lamang ng gabay kapag tayo ay naliligaw na ng landas. Hindi lamang Siya basta nagbibigay ng mapa na magpapakita sa atin ng tamang direksyon at pagkatapos ay aalis na. Ang Diyos ay gabay na gumagawa ng plano, direksyon at destinasyon, at kasama natin sa paglalakbay. Kasama natin Siya simula sa umpisa hanggang sa huli, at nais Niyang sundin natin ang Kanyang pamumuno araw-araw. Sa ating paglalakbay sa natitirang bahagi ng taon, ang ating katiyakan at kapayapaan ay nagmumula sa kaalaman na tayo ay hindi nag-iisa. Hindi tayo dapat maglakbay nang may takot o pangamba dahil ang Diyos ay patuloy na gagabay sa atin sa pamamagitan ng Kanyang salita at Espiritu. Sa pamamagitan ng *walang tigil Niyang pagmamahal* ay pinamumunuan Niya tayo, at sa pamamagitan ng Kanyang *lakas* ay ginagabayan Niya tayo.

## DAHIL ITINUTURO NG DIYOS ANG ATING LANDAS, AT GINAGABAYAN NIYA TAYO, TAYO AY INAANYAYAHAN NIYANG MAGTIWALA SA KANYA AT MAGPASAKOP SA KANYANG PLANO.

### Pag-isipan

May mga bahagi ba sa buhay mo kung saan umaasa ka sa sarili mong plano o paggabay, at hindi sa Diyos? Sa anong partikular na desisyon o sitwasyon ka nangangailangan ng Kanyang patnubay ngayon, at ano ang pinaniniwalaan mong sinasabi Niya sa iyo tungkol dito?

Paano ka ginabayan ng Diyos sa kabuuan ng 2020 at sa unang bahagi ng 2021? Tulad ni Moises sa Exodus 15, ano ang pinanghawakan mong awit o pahayag mula sa Kasulatan sa mga panahong ito na nagbigay sa iyo ng patnubay mula sa Diyos?



# Manalangin

*Mahal kong Panginoon, pinapatnubayan Mo ako sa pamamagitan ng Iyong walang tigil na pagmamahal at pinamumunuan sa pamamagitan ng Iyong lakas. Ituro Mo sa akin ang Iyong pamamaraan, akayin Mo ako sa Iyong katotohanan, at turuan Mo akong maging mapagpakumbaba at sumunod sa Iyong kautusan. Sa mga oras ng kaguluhan at pangamba, tulungan Mo akong tumingin sa Iyong salita at Espiritu upang gabayan ang buhay ko. Ako ang Iyong tupa, at Ikaw ang aking Dakilang Pastol na nagmamahal sa akin at kasama ko sa aking paglalakbay. Pinipili kong alalahanin ang Iyong katapatan sa akin, at patuloy akong magtitiwala sa Iyo nang buong puso hangga't ako ay nabubuhay. Sa pangalan ni Jesus, amen.*

IKATLONG ARAW
HULYO 8

# ANG DIYOS AY TAGAPAGPANUMBALIK NATIN

## JEREMIAS 29:10–14

> [10]*"Ako, ang PANGINOON, ay nagsasabing pagkatapos ng 70 taon*
> *na pagsakop ng Babilonia, babalikan ko kayo at tutuparin ko ang*
> *pangako ko na ibabalik ko kayo sa lupain ninyo.* [11]*Alam ko kung*
> *paano ko tutuparin ang mga plano ko para sa kabutihan n'yo at*
> *hindi sa kasamaan n'yo, at plano para bigyan kayo ng pag-asa na*
> *magkaroon kayo ng mabuting kinabukasan.* [12]*Kung magkagayon,*
> *tatawag at mananalangin kayo sa akin, at diringgin ko kayo.* [13]*Kung*
> *lalapit kayo sa akin nang buong puso, tutulungan ko kayo.* [14]*Oo,*
> *tutulungan ko kayo at ibabalik mula sa pagkakabihag. Titipunin*
> *ko kayo mula sa iba't ibang bansa na pinangalatan ko sa inyo, at*
> *ibabalik ko kayo sa sarili ninyong lupain."*

Basahin Din: Jeremias 33:10–13; Salmo 30; 1 Pedro 5:8–10

Ang propetang si Jeremias ay sumulat sa mga Judio sa Babilonia—ang mga pinaalis mula sa kanilang bansa. Sinabihan niya silang maghanda para sa pitumpung taong pagkabihag, na bunga ng pagsuway nila sa kautusan ng Diyos. Ang Diyos ay naging matapat sa Kanyang mga mamamayan, subalit nanatiling matigas ang kanilang ulo at kinailangan nilang harapin ang bunga ng kanilang kasalanan. Sa kabila ng kanilang rebelyon, ipinangako ng Diyos na bibigyan Niya sila ng ginhawa at tiniyak Niyang mananatili Siyang tapat sa kanilang kasunduan. Ang pagkabihag nila ay isang paraan ng pagdisiplina sa kanila at hindi pagwasak.

Sa pamamagitan ni Jeremias, sinabihan ng Diyos ang Kanyang mga mamamayan na magtayo ng mga bahay at magtatag ng mga pamilya habang sila ay nasa pagkabihag. Dapat din nilang hintayin ang kanilang pagbabalik sa kanilang lupain (Jeremias 29:4–9). Ipinangako ng Diyos na pananatilihin Niya sila. Ipinaalala Niyang mayroon Siyang magandang plano upang pagyamanin sila at hindi wasakin, bigyan sila ng pag-asa at magandang kinabukasan. Ang mga mamamayan ng Diyos ay tumugon nang may pagsisisi, at bumalik sa Kanya, at binuksan nila ang kanilang mga puso upang alamin ang kagustuhan Niya. Layunin ng Diyos na sa pamamagitan ng Kanyang mga mamamayan ay maipakita Niya ang Kanyang katuwiran sa iba pang mga bayan, upang sila rin ay sumunod sa Kanya (Deuteronomio 4:5–8). Samakatuwid, dahil ang mga mamamayan ng Diyos ay nagbalik-loob sa Kanya, hindi lamang Siya nangakong ibabalik Niya sila sa kanilang lupain, kundi ipapanumbalik din Niya ang kanilang yaman gaya ng dati.

Hindi kalaunan, natalo ang imperyo ng Babilonia at bumalik ang natitirang mga mamamayan ng Israel sa kanilang lupain. Tinupad ng Diyos ang ipinangako Niya. Ngunit higit pa rito, ang dakilang plano ng Diyos ay natupad sa pamamagitan ng isang bagong kasunduan na natanggap nila dahil kay Jesu-Cristo. Sa halip na mga batas na nakasulat sa mga tableta, ang mga ito ay nakasulat na sa ating mga puso't isipan (Jeremias 31:31–35). Sa halip na sunud-sunod na pag-aalay ng mga sakripisyo, nagkaroon ng kalayaan sa pamamagitan ng ginawa ni Cristo sa krus at ng Kanyang muling pagkabuhay. Sa halip na kaligtasan para sa mga Judio lamang, nagkaroon ng kaligtasan na para sa lahat ng taong tumatawag sa pangalan ng Panginoon (Mga Hebreo 8:6–13).


Ang Diyos ay hindi lamang tapat sa pagpapanumbalik ng yaman ng Kanyang mga mamamayan. Kasama sa Kanyang mga dakilang pamamaraan ang pagkakaroon ng higit na pag-asa kay Cristo sa buhay na ito at sa walang hanggan.

**HIGIT PA SA PAGPAPANUMBALIK NG MGA NAWALA SA ATIN, ANG DIYOS AY NAGBIBIGAY NG KALIGTASAN, KATUBUSAN, AT KAPAYAPAAN SA LAHAT, MALAYO MAN O MALAPIT SA KANYA.**

## Pag-isipan

Isipin ang mga pinsala at sakit na pinagdaanan mo sa buong panahon ng pandemya. Ginagamit kaya ito ng Diyos bilang pagdidisiplina o pagsasaayos ng iyong espirituwal na buhay? Ano ang tugon mo sa mensahe ng pangako ng Diyos sa pamamagitan ni Jeremias?

Naniniwala ka ba na tayo ay ipinapanumbalik ng Diyos sa Kanya? Paano ka kaya inihahanda ng Diyos upang tanggapin ang mas malaking biyaya mula sa Kanya at gawin ang mas marami pang bagay para sa Kanya? Paano ka lalapit sa Kanya nang buong puso at aasa sa Kanya araw-araw?



# Manalangin

*Panginoon, naniniwala akong may mas dakila Kang layunin sa lahat ng bagay. Nagtitiwala akong may plano Ka sa buhay ko. Naniniwala akong ang mga ito ay para sa aking kabutihan, at nais Mo akong pagkalooban ng magandang kinabukasan at pag-asa. Ipinapahayag ko ang pangangailangan ko sa Iyo. Umaasa akong maibabalik Mo ang lahat ng nawala sa akin. Ngunit higit pa dito, umaasa ako sa Iyo para sa aking kaligtasan at kapayapaan. Dalangin kong maipanumbalik, mapagtibay, at mapatatag Mo ako. Sa pamamagitan ng Iyong biyaya, araw-araw kong hahangarin ang Iyong presensiya at dakilang plano sa buhay ko, sa aking pamilya, sa aking bayan, at sa mundo. Sa pangalan ni Jesus, amen.*

# ANG DIYOS AY PAG-IBIG

## SALMO 136:1–4

> [1]*Magpasalamat kayo sa PANGINOON, dahil siya'y mabuti. Ang pag-ibig niya'y walang hanggan.* [2]*Magpasalamat kayo sa kanya na Diyos ng mga diyos. Ang pag-ibig niya'y walang hanggan.* [3]*Magpasalamat kayo sa PANGINOON ng mga panginoon. Ang pag-ibig niya'y walang hanggan.* [4]*Siya lang ang gumagawa ng kahanga-hangang mga himala. Ang pag-ibig niya'y walang hanggan.*

## 1 JUAN 4:16

> *Kaya nakilala na natin at pinaniwalaan ang pag-ibig ng Diyos sa atin. Ang Diyos ay pag-ibig. At ang nabubuhay nang may pag-ibig ay nananatili sa Diyos at nananatili rin sa kanya ang Diyos.*

Basahin Din: Salmo 103:8–13; Salmo 136; Panaghoy 3:20–23

Sa panahong inilaan natin para sa pananalangin at pag-aayuno, pinag-isipan natin ang tungkol sa ating dakilang Diyos: Siya'y kasama natin, at Siya ang tagapagbigay ng ginhawa, gabay, at tagapagpanumbalik sa Kanya. Inilalarawan ng mga ito kung sino Siya, at hindi lamang kung ano ang ginagawa Niya para sa atin. Ipinapakita ng mga ito ang Kanyang tunay at likas na katangian: ang Diyos ay pag-ibig.

Sa Lumang Tipan, nang magsalita ang Diyos tungkol Kanya, inilarawan Niya ang Kanyang sarili bilang *sagana sa pagmamahal*

(Salmo 103:8). Ang orihinal na salitang Hebreo na ginamit para sa "sagana sa pagmamahal" ay ang salitang *khesed*. Ang salitang ito ay puno ng kahulugan. Maraming mga wika, kabilang na ang Ingles at Filipino, ang walang katumbas na salita para dito. Ang salitang *khesed* ay isinasalin bilang pagmamahal, matatag na pagmamahal, matapat na pagmamahal, tapat na pagmamahal, mapag-alagang pagmamahal, at habag. Ang lahat ng mga ito ay nagpapahayag ng iba't ibang aspeto ng salitang *khesed*, subalit hindi ang kabuuan nito.

Ang *khesed* ng Diyos ay isinasalin bilang "pagmamahal" dahil tumutukoy ito sa Kanyang mga saloobin, na nakasentro sa iba. Ang Diyos ay hindi makasarili; Inuuna Niya ang para sa kapakinabangan ng iba nang higit sa Kanyang sarili. Ang *khesed* ay isinalin din bilang "kabutihan" at "habag" dahil ang Kanyang pagmamahal ay hindi lamang emosyon. Dahil sa Kanyang kabutihan at habag, kumikilos Siya para sa kapakanan ng mga minamahal Niya. Ito rin ay tinawag na "matatag na pag-ibig" dahil ito ay hindi nagbabago at hindi nabibigo. Hindi ito ayon sa kung tayo ba ay karapat-dapat na tumanggap nito o hindi, o kung tayo ay tapat o hindi. Siya ay laging mananatiling tapat.

Bukod dito, ito ay isinasalin din bilang "matapat na pagmamahal," "tapat na pagmamahal," at "pagmamahal ayon sa pangako" dahil ipinapakita nito na ang basehan ng pagmamahal ng Diyos ay ang Kanyang katapatan sa kasunduan Niya sa Kanyang mga mamamayan. Palaging mananatili ang Kanyang dedikasyon at katapatan sa kanila.

Dahil ang pagmamahal ng Diyos ay hindi nagbabago at laging tapat sa kasunduan, ibinigay Niya sa atin si Jesus upang makasama at mailigtas Niya tayo (Juan 3:16). Dahil sa Kanyang dedikasyong hindi nagbabago, nabibigyan Niya tayo ng ginhawa at pag-asa (Salmo 119:76; Panaghoy 3:20–23), nakatalaga Siyang pamunuan at gabayan tayo (Exodus 15:13), at maaari tayong magtiwala na maipapanumbalik Niya tayo sa Kanya (Jeremias 33:11–13). Anumang mabuting bagay ang naiwala natin, maibabalik Niya ito at magbibigay Siya ng mas mainam pa rito, sa panahon mang ito, o sa susunod na panahon.

Ang pagmamahal ng Diyos ay nagbibigay sa atin ng katiyakan na lagi Siyang mananatiling kamangha-manghang Diyos.

**SAMAKATUWID, MAAARI NATING TAPUSIN ANG PANANALANGIN AT PAG-AAYUNO SA KALAGITNAAN NG TAON AT HANGARING MAKITA ANG NATITIRANG BAHAGI NG TAON NANG MAY PASASALAMAT SA PANGINOON DAHIL SA KANYANG KABUTIHAN AT PAGMAMAHAL NA MANANATILI KAILANPAMAN.**

## Pag-isipan

Basahin ang Panaghoy 3:20–23. Paano mo naranasan ang pagmamahal ng Diyos? Ang pagkakaunawa mo ba ng Kanyang habag, pagmamahal, at katapatan ay nagbibigay sa iyo ng katiyakan upang harapin ang bukas?

Mag-isip ng isang kapamilya o kaibigan na nangangailangan ng paalala tungkol sa pagmamahal ng Diyos. Paano mo maipapakita si Cristo sa taong ito? Ano ang magagawa mo para sa kanya ngayon?



# Manalangin

*Mahal kong Panginoon, maraming salamat sa Iyong pag-ibig na matatag, matapat, at masigasig. Maraming salamat dahil hindi Mo ako sinusukuan. Tulungan Mo akong maunawaan na ang Iyong pagmamahal ay mananatili magpakailanman at ang Iyong habag ay hindi mapapawi. Ipinapanalangin ko na manatili akong matatag sa Iyong pagmamahal. Nawa'y harapin ko ang kinabukasan nang may katiyakan ng Iyong pagmamahal at katapatan sa akin. Nawa'y maisalamin ko sa mga tao sa aking paligid ang Iyong pagmamahal, na magbibigay parangal at magtuturo sa kanila kay Cristo. Ipinapanalangin kong makilala Ka ng mga tao sa aking tahanan, komunidad, at bayan, at nawa'y lumapit din sila sa Iyo. Sa pangalan ni Jesus, amen.*

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

victory.org.ph victoryph

#ENFast2021 #AwesomeGod2021